# Martsa ng Kababaihan

| | |
|---|---|
| Sulong, sulong kababaihan<br>Sumulong at lumaban<br>Buuin natin ang samahan<br>Ng makabayang kababaihan<br>Lumahok sa produksyon<br>At pangmasang kilusan<br>Sa pagtatamo ng tunay<br>Na demokrasya at kalayaan<br><br>Sulong, sulong kababaihan<br>Sumulong at lumaban<br>Harapin ang nagsasamantala<br>Nang-aapi sa sambayanan<br>Kapit-bisig nating wasakin<br>Kapangyarihan ng gahaman<br>Kababaihan ay lalaya<br>Sa paglaya ng bayan<br><br>Iwaksi ang haka-hakang<br>Kababaiha’y mahina<br>Mayroon tayong isip at lakas<br>Tulad ng ating kapwa<br>Nakararaming kababaihan<br>Nabibilang sa mga naglikha<br>May mga intelektwal<br>Magsasaka at manggagawa<br><br>Sulong, sulong kababaihan<br>Sumulong at lumaban<br>Harapin ang nagsasamantala<br>Nang-aapi sa sambayanan<br>Kapit-bisig nating wasakin<br>Kapangyarihan ng gahaman<br>Kababaihan ay lalaya<br>Sa paglaya ng bayan | Forward, forward, womankind<br>Advance and struggle<br>Firm up the unity of patriotic women<br>Engage in production and in the mass movement to obtain genuine democracy and freedom<br><br>Forward, forward, womankind<br>Advance and struggle<br>Confort the exploiters, the oppressors of the people<br>With linked arms, we will dismantle the power of greed<br>Womankind will be free with the liberation of the nation<br><br>Set aside the myth that womankind is weak<br>We have both the smart and the strength just like other camrades<br>So many women are among the creative : intellectuals, peasants and workers<br><br>Forward, forward, womankind<br>Advance and struggle<br>Confort the exploiters, the oppressors of the people<br>With linked arms, we will dismantle the power of greed<br>Womankind will be free with the liberation of the nation |